

# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.com

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_  
15

## Mga sagot sa Pagsulat ng Pandiwa

*Panuto:* Gamitin ang salitang-ugat sa loob ng panaklong upang gumawa ng pandiwa na bubuo sa pangungusap.

1. (*Balik*) Ibalik mo ang aklat na ito kay Marlon bukas.
2. (*Kita*) Nagkita kami ni Dennis sa *mall* kahapon.
3. Sina Martin at Mikaela ay (*aral*) nag-aaral sa Jose Abad Santos Memorial School.
4. Sa susunod na linggo pa ako (*uwi*) uuwi sa probinsiya.
5. (*Usap*) Nag-usap na ang mga guro at mga magulang kanina.
6. Araw-araw ako (*bili*) bumibili ng mga sariwang prutas sa palengke.
7. Wala si Jonas dito. Kanina pa siya (*alis*) umalis.
8. Kaarawan ni Lola sa Sabado kaya (*dalaw*) dadalawin natin siya sa Cavite.
9. Buksan mo ang pinto dahil may (*katok*) kumakatok.
10. Hindi mo ba (*dinig*) naririnig ang boses ko?
11. Mamayang gabi pa (*dating*) darating si Tatay dahil may gagawin pa siya sa opisina.
12. (*Galit*) Nagalit si Eddie sa iyo dahil kinuha mo ang *cellphone* niya na hindi nagpapaalam.
13. Anong oras ka ba (*gising*) nagising kaninang umaga?
14. (*Awit*) Inaawit ng mga mag-aaral ang *Lupang Hinirang* tuwing Lunes at Biyernes.
15. Si Anna ay (*punta*) pupunta sa bahay ni Trisha mamaya.